




May 18-22, 2020

YUNIT 4– Aralin 1– Mga Disenyo ng Pananaliksik

Paksang Aralin: Disenyo ng Pananaliksik: Kahulugan at Katangian

I. Pamamaraan:

A. Balik-aral: *Springboard*




1. Bumuo ng mahahalagang konsepto o ideya tungkol sa paksa.

- Konsepto ng pananaliksik.
- Mahusay na pananaliksik.
- Etika sa pananaliksik.
- Proseso ng pananaliksik.
- Malayang magdagdag.

Pagkatapos nating talakayin ang mga batayang kaalaman ng pananaliksik, tumungo tau sa mga disenyo ng pananaliksik.

C. Pagganyak:

1. Pagpapakita ng larawan.




- Batay sa larawan, bigyang kahulugan ang kuwantitatibo at kwalitatibo. At paghambingin ang mga ito.
- Hindi kailangang tama ang mga ideya o konsepto, ito ay magsisilbi lamang pamukaw.
- Upang maging handa tayo sa Gawain ng pananaliksik, kailangang alam natin ang magiging disenyo ng bubuuing pag-aaral.

2. Tanong:

- Ano ang tinatawag na disenyo ng pananaliksik?
- Ano ang pagkakaiba ng disenyo ng pananaliksik sa metodolohiya ng pananaliksik?
- Bakit mahalagang may tiyak na disenyong gagamitin sa kuwantitatibong disenyo ng pananaliksik?

II. Pagtalakay sa Aralin:

1. Pagpapakita ng graphic organizer.




2. Sagutan ayon sa hinihingi ng graphic organizer bilang gabay sa pagsusuri.

- Ibigay ang kagulugan ng mga terminolohiya.
- Gumamit ng graphic organizer sa paglalahad at paghahambing.
- Talakayin ang lakas ng paggamit ng tiyak na disenyo sa pananaliksik at ang mabuting dulot nito sa mananaliksik at sa mga tao.
- Kung kailangan, malayang gumamit ng alinmang nababagay na strand sa pagsusuri:
 - Causes-consequences
 - Meaning-Implications
 - Systems-Relationships
 - Continuity-Change
 - Opportunities-Limitations
- Pagkatapos bumuo ng kongklusyon

Pagsusuri:

- Ang disenyo ng pananaliksik ay nakatuon sa kung paano isasagawa ang pananaliksik. Nagsisilbi itong direksiyon upang sistematikong maisagawa ang isang pananaliksik.
- Kung ang disenyo ay estruktura ng pananaliksik, ang metodolohiya ay pamamaraan kung paano makakalap ng datos para sa pananaliksik.
- Ang kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik ay pag-aaral sa karanasan ng tao at mga pangyayari sa buhay ng tao sa konteksto ng kaniyang lipunan.
- Ang kuwantatibong disenyo ng pananaliksik ay naghahanap ng tumbasang bilang o numerical value ng isang variable sa isang grupo.
- Kung may tiyak na disenyong gagamitin, magiging malinaw ang direksiyong tatahakin at sistematikong maisasagawa ang pananaliksik. SA ganitong paraan, matatapos ang pananaliksik sa itinakdang panahon nang may maganda at makabuluhang resulta.

Pagbuo ng Konsepto o Ideya:




Bigyan natin ng malawak na pagpapakahulugan.

- Disenyo vs. Metodolohiya
- Kuwalitatibo vs. Kuwantitatibo

Magkaiba ang disenyo at metodolohiya. Kung ang disenyo ay estruktura ng pananaliksik, ang metodolohiya ay pamamaraan kung paano makakalap ng datos para sa pananaliksik.

Ang kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik ay pag-aaral sa karanasan ng tao at mga pangyayari sa buhay ng tao sa konteksto ng kaniyang lipunan, samantala, ang kuwantitatibong disenyo ng pananaliksik ay naghahanap ng numerical value ng isang variable sa isang grupo.

Paglalatap:



Makatitiyak tayo ng isang maayos na pananaliksik kung masusunod natin ang tamang direksiyon o gabay sa pag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik.

III. Pangwakas na Gawain:

Pagpapahalaga:

- Bakit mahalagang matukoy ang disenyo ng pananaliksik bago simulant ang isasagawang pananaliksik?

Paglalahat:

- Mahalagang may tiyak na disenyong gagamitin sa pananaliksik upang magiging malinaw ang direksiyong tatahakin at sistematikong maisasagawa ang pananaliksik.
- Ang kuwalitatibong disenyo ay pag-aaral sa karanasan ng tao at mga pangyayari sa buhay ng tao sa konteksto ng kaniyang lipunan. Ang kuwantitatibong disenyo ay naghahanap ng tumbasang bilang o numerical value ng isang variable sa isang grupo..

Paglalahom:

- Bago umpisahan ang paksang nais saliksikin, kailangang tukuyin ang angkop na disenyong gagamitin.
- Kung may tiyak na disenyong gagamitin, magiging malinaw ang direksiyong tatahakin at sistematikong maisasagaswa ang pananaliksik.
- Kung may malinaw na disenyo, matatapos ang pananaliksik sa itinakdang panahon nang may maganda at makabuluhang resulta.

Pagtatasa:

Ibigay ang mga hinihinging kasagutan ng bawat pahayag.

Ang disenyo ng pananaliksik ay nagsisilbing gabay upang _____ na maisagawa ang isang pananaliksik:

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.

Ang pananaliksik ay bahagi ng akademikong Gawain. Sa pamamagitan ng mga kasanayang natutuhan mula rito tulad ng _____ ay mapapalawak ang kaalaman at mahahasa ang mapanuring na pag-iisip.

- 5.
- 6.
- 7.

May dalawang pangunahing disenyo na maaring magamit sa sulating pananaliksik:

- 8.
- 9

Kung ang metodolohiya ay pamamaraan kung paano makakakalap ng datos para sa pananaliksik,

Ang disenyo ng pananaliksik ay:

10.

Kasunduan:

1. Ano ang pangunahing tuon ng kuwalitatibong pananaliksik?
2. Paano inilalahad ang resulta ng pananaliksik na ginamitan ng kuwalitatibong disenyo?
3. Bakit sa paggamit ng kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik ay mahalagang makita ang interaksyon ng tao sa iba't ibang bagay?